Volume 1, Issue 1 January 2009

CMO Battalion
CMOG, Philippine Army

# BALITAAN SA BARANGAY

TUNGO SA ISANG MAUNLAD ,MATIWASAY AT NAGKAKAISANG KOMUNIDAD

## Joint Medical Mission Ginanap sa Parola, Tondo

Magkatuwang na inilunsad ng CMOBn, Philippine Army at Office of the Vice-Mayor Hon. Isko Moreno ang Joint-Medical Mission sa mga mahihirap na residente ng Brgy. Parola, Tondo, Manila noong December 10, 2008.

Ang 1st Community Development Company (1stCODEC) ng CMOBN, Philippine Army, na aktibong pinamumunuan ni Major Nelson dela Cruz, kasama ng mga doktor mula sa Fort Bonifacio General Hospital at Philippine Airfoce Hospital ay nagpaabot ng serbisyong libreng konsultang medikal sa ating mga mahihirap na kababayan na nakatira sa Brgy. Parola. Bukod pa rito ay nagbahagi din ng libreng gupitan ang CMOBn sa pamamagitan ng programang “Sundalo ang Barbero Ko!”.

Ang naturang aktibidad ay kinapalooban din ng feeding program para sa mga kabataan ng Brgy. Parola at nagkaroon din ng pamamahagi ng pamaskong handog mula sa tanggapan ni Hon. Isko Moreno, ang Vice-Mayor ng Lungsod ng Maynila.



*Magkatulong sa pagbibigay serbisyo ang mga personnel ng 1st CODE Company ng CMOBn, Phil Army at mga kawani ni Vice-Mayor Hon. Isko Moreno*

Ang naturang programa ay bunga ng kooperasyon at pagtutulungan ng CMOBn, Philippine Army, pamunuan ng Lungsod ng Maynila, mga opisyales at residente ng Barangay Parola tungo sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mahihirap nating kababayan. Ito ay patunay lamang na sa isang nagkakaisang komunidad ating makakamtam ang kapayapaan at kaginhawaan.

## Awareness Drive sa PUP Ginulo ng Ilang Aktibista

Dismayadong dismayado ang mga estudyante ng PUP College of Technology at sobrang pagkapahiya naman ang naramdaman ng mga guro ng nasabing departamento nang walang pakundangang bulabugin ng iilang miembro ng ANAKBAYAN-PUP at LFS-PUP na pinangunahan nila Henry Enaje, Ardie Gasapos, Donna Pascual, Paulo Austero at Jaime ang matahimik na Awareness Drive ng CMOBn, Philippine Army na ginanap dito noong nakalipas na Huwebes, ika-11 ng Disyembre. Nauna dito sumimple nang pasok sina Jaime, Lovely Rose Novelta at iba pang mga kasamang tibak habang nagsasalita ang isang rebel returnee. Sa kalagitnaan na ng kuwento lalo’t sa puntong ipinapaliwanag na kung walang puwersa ay walang pera ang prenteng organisas-

Page 6

Sulyap sa pahina...


| | |
|---|---|
| Editoryal | 2 |
| Community Projects Pormal na Itinurn-over | 3 |
| mGA Sundalo ng CMo Bn. Nag-alay ng Dugo | 4 |
| A Million Voices, Katuwang ng CMO Bn | 4 |
| Makulay na Pasko ng CMO Bn | 5 |
| Estudyante ng Culiat, Namulat | 7 |
| Tawa Naman Dyan! | 7 |
| Sundalo ang Barbero Ko! | 8 |

# EDITORYAL

**Pagbati sa unang edisyon ng Balitaan sa Barangay.**

Lubhang napakahalaga ang pagkakaroon ng isang ugnayan ng kaisipan patungkol sa mga positibong pangyayari sa ating mga komunidad. Hindi natin maitatanggi na ang ating pananaw ay naaapektuhan ng ating napapanuod sa tv, nababasa sa dyaryo, at napapakinggan sa mga pahayagan.

Sa munti naming kakayahan, aming minarapat ang pagkakaroon ng isang makabuluhang babasahin upang makapag-ambag sa paghubog ng isang positibong kaisipan para sa ating mga kapus-palad na kababayan. Upang sa ganuong pamamaraan ay tulong-tulong nating makamit ang isang kondisyong sikolohikal na kumakalinga sa isang progresibong pagbabago tungo sa kaunlaran.

Ito ay maihahalintulad sa isang basong may lamang kalahating tubig. Labis na perwisyo na ang naidulot ng negatibong pananaw na “kulang ng kalahati” at walang humpay na reklamo at pagbatikos. Bagkus ang nararapat na ating pananaw sa panahong ito ay “puno ng kalahati”. Sa ganitong pananaw, tayo’y dapat magpasalamat sa biyaya ng poong maykapal at kumilos, magkaisa, at magsikap upang mapunan ang ating pangangailangan.

Ang CMO Batallion, na nasa mapagpunyaging pamununo ni Colonel Buenaventura C. Pascual, MNSA , PA ay patuloy na maglulunsad ng mga programang pangkomunidad na naglalayong makatulong na maingat ang kabuhayan ng ating mga kapus-palad na kababayan. Sa pamamagitan ng kooperasyon ng ibat-ibang ahensya ng ating pamahalaan, mga lehitimong Non-Government Oraganizations (NGOs) at mga indibidwal na bukas-pusong nagkakaloob ng tulong, katuwang ng pakiki-isa ng masang Pilipino, ating makakamit ang kapayapaan at kaunlarang matagal na nating mithi!

***Mabuhay ang Lahing Pilipino!***

CMO Battalion
CMOG, Philippine Army

**BALITAAN SA BARANGAY...**

***Tungo sa maunlad,matiwasay at nagkakaisang komunidad!***

*...ay opisyal na buwanang pahayagang pangbarangay ng Civil Military Operations Battalion, Civil Military Operations Group, Philippine Army na may headquarters sa Jusmag Village, Ft. Bonifacio, Taguig City.*

Ano mang komento, suhestiyon o kontribusyon na nais ibahagi ay pwedeng ipahatid sa nasabing address o sa mga sumusunod :

**Telefax:** 845-9555 loc 6433
**E-mail:** Cmobn.pa@gmail.com
**Cellphone:** 09229596385/09167703289

**One Country...One People...One Army!**

# COMMUNITY PROJECTS PORMAL NA ITINURNOVER

Anim na Community Development Projects ang pormal na iti-nurn-over ng CMO Bn, Philippine Army at ng 356th Aviation Engineer Group, Philippine Air Force, ang unit na nagsagawa ng mga construksyon sa mga piling barangay sa Kamaynilaan noong Nobyembre 29 at Disyembre 12-13, 2008. Naganap ang mga aktibidad sa mga Barangay Hall ng mga nasabing barangay. Dinaluhan mismo ng mga respetadong Community Development teams kasama ang mga Barangay Kapitan,Kagawad at purok leaders ng mga nasabing actibidad

Pinangunahan nina Cpt Majan Sahial, Commander ng 2nd Community Development Company ng CMO Bn,PA at si Maj Andres C Sunio PAF, Cdr ng 356th AEG,PAF ang pagturn-over ng mga natapos na proyekto. Malugod at taos-puso naman ang pasasalamat ng mga opisyal ng naturang Barangay sa ginawang seremonya. Ayon kay BRGY CAPT FERDINAND SEVA, ang pag-aayos sa barangay Multipurpose Hall ay isang malaking tulong sa mga mag-aaral ng kanilang Day Care Center. Ganoon din ang pasasalamat ni BRYG CAPT VIOLETA IGNACIO sa AFP dahil sa pag-aayos nito ng kanilang Day Care Center na lubos na lubos na nakapagbigay ng mas maganda pang lugar sa mga batang mag-aaral. Ibinahagi rin ng mga Barangay Kapitan ang kanilang patuloy na pag-suporta sa AFP at sa mga..



*Si Hon. Ferdinand Seva, Brgy Capt. ng Brgy 581,Sta. Mesa,Manila habang nagbibigay ng pasasalamat sa CMO Bn,PA at 356th AEG,PAF*

**Page 6**

Ang mga proyektong tinurn-over ay ang mga sumusunod:

| ***Barangay na nahandugan*** | ***Ngalan ng Proyekto*** | ***Tumangap ng Natapos na Proyekto*** |
|---|---|---|
| 1. Brgy. 581, Zone 57, District IV, Sampaloc, Manila | Pag-aayos ng bubong at kisame ng Brgy. Multi-purpose Hall | Brgy. Chairman Ferdinand Seva |
| 2. Brgy. 590, Zone 62,District VI,Sta. Mesa, Manila | Pag-aayos ng Mini-gym | Brgy. Chairman Anthony Santos at 1st Kagawad Arthur Baldonado |
| 3. Brgy. 621, Zone 62, District IV, Sta. Mesa, Manila | Pag-aayos ng Barangay Chapel | Brgy. Chairman Philip P Manabat |
| 4. Brgy. 591, Zone District IV, Sta. Mesa, Manila | Paggawa ng Cabinet at devider ng Barangay Hall | Brgy. Chairwoman Andrea Paraiso |
| 5. Brgy. 865, Zone 94, District IV, Pandacan, Manila | Pag-aayos ng septic tank sa palibot ng Barangay Hall | Brgy. Chairman Tonymike B Martinez |
| 6. Brgy. 870, Zone 95, District IV, Pandacan, Manila | Pag-aayos ng Kahilum Day Care Center | Brgy. Chairman Violeta Ignacio |

# MGA SUNDALO NG CMO BN, NAG-ALAY NG DUGO

Sa layuning makapag-alay ng dugo sa mga nangangailangan, ang mga kasundaluhan ng Headquarters Company, 1st at 2nd Community Development Companies ng CMO Bn, PA ay lumahok sa malawakang bloodletting activity ng AFP na tinaguriang, "DUGONG LAANG-KAWAL, ALAY SA BAYAN". Ito ay ginanap noong ika-20 ng Disyembre 2008 sa AFP Reserve Command Compound, GHQ, Camp Aguinaldo, Quezon City.

Sa kabuuan, humigit kumulang na 25,000 cc ng dugo ang boluntaryong idinonate ng mga sundalo na mula sa ibat-ibang unit at opisina ng Army,Air Force at Navy.

Ang matagumpay na activity ay pinangunahan ng AFP Reserve Command sa pakikipagtulungan ng Philippine National Voluntary Blood Blood Services Program ng Veterans Memorial Medical Center Blood Bank.

Ang"DUGONG LAANG-KAWAL ALAY SA BAYAN" ay isa sa mga maraming proyekto ng AFP kaugnay sa pagdiriwang nito ng ika-73 taong anibersaryo na ipinagdiriwang tuwing Disyembre 21. Sabay sabay itong isinagawa sa mga malalaking kampo ng AFP sa buong bansa. Layunin nito na makalikom ng isang milyong cc ng dugo sa isang buwan upang maibahagi sa mga Blood Bank ng Gobyerno.

# A MILLION VOICES, KATUWANG NG CMO BN

Ipinagdiwang ng CMO Bn ang tradisyonal na pagdiriwang ng Pasko Noong ika-16 ng Disyembre 2008 sa kanilang Headquarters sa Jusmag Compound, Ft. Bonifacio, Taguig. Ito ay isang napakasayang celebrasyon na kung saan sama-sama nagkasiyahan at nagsalo-salo ang mga opisyal, kasundaluhan at ang kanilang mga pamilya. Naging espesyal na panauhin ang A Million Voices sa nasabing okasyon. Ang imbitasyon pala ng CMO Bn sa lider ng organisasyon ay may mas espesyal pa na dahilan. Nalaman na lamang ng Executive Director ng A Million Voices na si Miss Charlotte Isabel Johansen sa kalagitnaan ng programa nang siya ay gawaran ng Certificate of Appreciation ni Col Buenaventura Pascual at Col Daniel Lucero. Ang paggawad ng parangal ay dahil sa malaking kontribusyon ni Ms. Johansen sa CMO Bn, gayundin sa tulong na ibinigay niya sa mga mahihirap ng Baseco, Tondo.

Lingid sa kaalaman ng batalyon, kinuha din ni Ms. Charlotte Isabel Johansen ang okasyon upang bigyan ng papuri at gawaran ng plaque of recognition ang CMO Bn bilang pasasalamat sa mga tulong at pagsuporta sa mga proyektong ginawa ng A Miliion Voices sa Baseco, Tondo, Manila at sa iba pang mahihirap na komunidad sa Pilipinas. ( *Hango sa www.amillionvoices.no na isinulat ni Miss Johansen*)



*Tinatangap ni Ms. Johansen ng A Million Voices ang parangal ng pagkilala mula kay Col. Lucero.*

***"Turning trials into triumphs. God chooses what we go through, we choose how we go through it"… Our Daily Bread***

# MAKULAY NA PASKO NG CMO BN

**N**aging masaya at makulay ang pasko ng mga opisyal at sundalo ng CMO, Bn gayundin ng mga dependents ng mga ito sa ginanap na Christmas Party sa pangunguna ng Battalion Commander na si Col Buenaventura C Pascual noong ika-16 ng Disyembre sa Battalion Headquarters.



Sinimulan ang pagdiriwang sa pamamagitan ng isang Thanksgiving Mass na pinangunahan ni Cpt Alberto R Quiaquit. Ang misa ay bilang taos pusong pasasalamat ng CMO Battalion sa kaligtasan at lahat ng biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa nakalipas na mabungang isang taon. Dinaluhan at nakadagdag kulay sa pagdiriwang ang pagdating ng Group Commander ng CMOG, PA na si Col Daniel Lucero, gayundin ni Brgy Capt Delia Bongbonga ng Brgy Escopa III at Ms Charlotte Isabel Johansen, Director ng isang NGO na "A Million Voices."

Ayon sa mayorya ng mga kasundaluhan ng CMO Battalion, "mataas ang kanilang morale na mas lalo pang pagbutihin ang pag-gampan nila sa kanilang tungkulin dahil sa ipinakitang pagbibigay halaga ni Col. Pascual sa kanilang mga naging gawain at sakripisyo upang mapagserbisyuhan ang sambayanang Pilipino." Ang pagkilala at pagbibigay halaga sa tapat na serbisyong ipinakita ng buong puersa ng CMO Battalion ay ipinagkaloob ni Col Pascual sa pamamagitan ng Letter of Commendation. Dahil dito nagkakaisa ang lahat sa pananaw na nakasalalay sa ipinapakitang magandang ehemplo at pagpapahalaga ng isang lider ang ikapagtatagumpay ng isang organisasyon.

Pagkatapos ng banal na misa, nagkaroon ng salu-salo, palaro sa mga anak ng mga kasundaluhan at pagkatapos ay ang pormal na programa na kung saan binigyang pagpapahalaga ni Col Pascual ang mga malaking kontribusyon at matapat na kooperasyon ng mga Brgy Captains sa mga lugar na kung saan nakadeploy ang mga sundalo, ginawaran ng Certificate of Recognition sina Bgry Capt Delia Bongbonga ng Escopa III, Quezon City na personal na dumalo sa okasyon at tumanggap ng pagkilala. Ginawaran ng din pagkilala sina Brgy Capt. Beda T Torrecampo ng Brgy Old Balara, Quezon City at Brgy Capt. Reynaldo A Reyes ng Brgy 584, Sampaloc, Manila.

Sa panig naman ng mga Non Government Organizations na lagi na ay kabalikat ng CMO Battalion sa mga medical, dental at engineering missions, feeding program at iba pang mga programa na malaki ang nai-ambag sa maralitang taga-lunsod, ginawaran ng pagkilala si Ms Charlotte Isabel Johansen, Director ng organisasyong "A Million Voices"...

☞ **Page 6**




*Malugod na tinatangap ni Hon. Delia Bongbonga ang Certificate of Recognition galing kay Col. Lucero at Col. Pascual.*

***Pasko...mula sa pahina 5..***

Ang bawat tanggapan ng CMO Battalion ay nagkaisang kumilos upang maging matagumpay ang nasabing pag-diriwang.. Tunay na sa pagkakaisa ma-layo ang nararating ng isang organisasyon, hindi lamang kasayahan ang nadama ng bawat isang dumalo sa Christmas Party kundi ang damdaming kabilang ang bawat isa sa isang solidong pamilya ng sundalo ng Hukbong Katihan ng Pilipinas na ang pangunahing layunin ay ang **TAPAT NA PAGSESERBISYO SA SAMBAYANANG PILIPINO.**




*Ang mga sundalo ng CMO Bn at ang kanilang mga dependents habang naglalaro ng parlor games.*

***Awareness..mula sa pahina 1..***

yon, bigla nang nagsisisigaw si Jaime. Sa puntong ito nabulabog na ang matahimik na information drive. Sumugod papasok ang grupo ni Enaje sa loob ng classroom at walang pakundangan dinuro-duro ang mga guro, nagsisigaw na animo mga naw-awala sa sarili at nanggulo na sa loob ng silid aralan. Sa puntong ito isang estud-yanteng babae na kinilalang si "Anna" ang hinimatay sa takot sa ginawang pang-gugulo ng grupo na pinamunuan ni Enaje. Ayon sa ilang estudyante, sobrang kabastusan at kawalan ng modo ang gi-nawa ng grupo. Binigyang diin ng mga estudyante na kailanman ay hindi nila ha-hayaang mapasama sa nasabing grupo dahil sa hindi na umano katanggap-tanggap ang ginagawa ng mga ito. Maalalang sila Henrie Enaje, Ardie gas-apos, at Paolo Austero ay kabilang sa mga aktibista na sinampahan ng reklamo ng CMOBn dahil sa pambubugbog nila sa isang sundalo sa PUP Sta Mesa.

***Community...mula sa pahina 2..***




*Ang isa sa mga natapos na proyekto sa Chapel ng Brgy 621, Pandacan, Manila.*

at sa mga activities at proyektong isinasa-gawa ng mga Community Development Companies sa mga barangay.

Ang mga nabangit na barangay ay ilan lamang sa mga beneficiaries ng AFP na mabigyan community development pro-jects sa Metro Manila. Ang mga proyektog pinondohan sa pamamagitan ng National Development and Support Command ng AFP.

# ESTUDYANTE NG CULIAT NAMULAT..

Ayon kay "JAKE" (di-tunay na pangalan), isang 1st year high school student ng Culiat High School, nuong Nobyembre 25, 2008 inabangan sila ng kanyang mga kaklase sa gate ng kanilang eskwelahan ng isang nag-pakilalang "YUKA", organizer ng ANAKBA-YAN sa kanilang lugar. Dito ay sinabihan sila na sumama sa kanya para maunod ng pro-grama na may libreng pagkain at sasakyan.

Agad silang isinakay sa naghihintay na pampasaherong jeep at bumiyahe patungo sa tapat ng UST. Duon ay pinahawak sila ng mga bandera ng ANAKBAYAN at mga plac-ard na naglalaman ng anti-government slo-gans na hindi naman nila naiintindihan. Pinapuesto sila sa harapan ng mga demon-strador at lumakad patungo sa Plaza Miranda, Quiapo, Manila kung saan nagka-roon ng programa kasama ng mga prenteng organisasyon ng CPP-NPA-NDF.

Ayon pa kay "Jake", matapos ang prog-rama ay nawala na ang taong nagdala sa-kanila. Mabuti na lamang at may mga ma-bubuting kalooban na nagbigay sa kanila ng Pamasahe pabalik ng Quezon City.

**BABALA SA MGA MAGULANG. PAGSABI-HAN ANG INYONG MGA ANAK UPANG HINDI MAGING BIKTIMA NITO!**





Labis ang pagsisi nila "Jake" at kan-yang mga kaklase. Ito ay kanilang isinum-bong sa kanilang butihing guro at sila ay pinagpayuhang maging maingat sa pag-sama-sama sa mga estranghero sa susunod .

**Because laughter is the best medicine!**



# TAWA NAMAN DIYAN!!!



# SUNDALO ANG BARBERO KO!

"Sundalo ang Barbero Ko"!..ito ang nasambit ng isang batang lalaki pagkatapos magupitan ni Pfc Lloyd S Ortega sa isinagawang libreng pagugupit ng CMO Bn, CMOG, PA sa mga residente ng Barangay 590,Sta. Mesa, Manila noong nakaraang Nobyembre 29.

Ang libreng paggugupit ng mga kasundaluhan sa mga barangay ay isa lamang sa mga libreng serbisyo na inihahandog ng CMO Bn, PA sa pamamagitan ng mga Community Development Companies na tinalaga sa Kamaynilaan.

Patuloy ito na isinasagawa at isinasabay sa mga ibang community projects ng bawat CODE at isinasabay din sa mga iba pang proyekto ng barangay. Layunin ng programa na makapagbigay ng libre at maayos na gupit sa mga mahihirap na kabarangay. Hangad din ng programa na mapalapit ang kalooban ng mga tao sa kasundulahan bilang mga kabalikat sa pagpapaunlad ng pamayanan.

Ang mga natalagang sundalong barbero ay mahasang pinag-aral ng Barbers Training na isinasagawa sa Headqaurters ng CMO Bn, PA. Ang mga guro sa training ay galing pa sa mga de kaledad na pagupitan gaya ng Reyes Hair Cuttters.

Sa taong 2008, humigit kumulang na 122 na programang libreng gupit ang naisakatuparan sa mga piling barangay ng mga Community Development Companies ng CMO Bn, PA sa kamaynilaan. Sa kabuuwan, 7,312 indibidual nman ang naserbisyuhan ng nabangit na libreng programa.



Ang simpleng programa ito ay taliwas sa tingin ng marami na baril lamang ang hawak ng mga sundalo. Layunin ng programang ito na maipakitang ang kasundaluhan ay hindi lamang nasesentro sa bundok at giyera, kundi parte na rin ang paghahatid serbisyo sa mga kalungsuran at mga maralitang barangay.



*"When I was 20, I wanted to change the world; when I was 30, I wanted to change my country; when I was 60, I realized I only wanted to change myself".*

**Sen. Raul S Roco**

Kami ay mayroon ng website at Friendster

www.cmobn.com

pvtcmo@yahoo.com

*malugod namin kayong inaanyayahan..*

CMO Battalion
CMOG, Philippine Army